



MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA
DIREKTIBA NG DDS 01-083120: MGA ALTERNATIBONG
HINDI PANTIRAHANG SERBISYO (MGA ALTERNATIBONG
SERBISYO)

Q1. Ano ang mga Alternatibong Hindi Pantirahang Serbisyo (Mga Alternatibong Serbisyo)?

A1. Ang mga Alternatibong Serbisyo ay isang paraan para makatanggap ang mga mamimili ng mga hindi pantirahang serbisyo na maaaring nagambala ng State of Emergency dulot ng COVID-19. Maaaring mag-alok ng suporta ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na naiiba mula sa kanilang mga tradisyonal na disenyo ng programa at tumutugon sa anumang mga bagong pangangailangan at interes na lumitaw bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Ilang halimbawa ang:

- Paghahatid ng pagkain, personal na pamproteksyong kagamitan Paghahatid ng mga pakete, kagamitan at mga suplay para sa mga aktibidad at malayuang pag-aaral
- Mga pagsusuri sa kalagayan/kagalingan ng katawan at pagtalakay sa mga kasalukuyang kaganapan (current events)
- Mga pagpupulong na pagtutulongan para magplano ng mga paparating na kaganapan
- Pre-recorded o live na mga video class upang matuto ng mga bagong kasanayan
- Pagtulong sa networking at pagpapaunlad ng mga oportunidad sa pag-eempleyo at maliliit na negosyo
- Pagsuporta sa set up, pagsasanay at paggamit ng mga pang-teknolohiyang aparato

Q2. Kinakailangan ba ang mga Alternatibong Serbisyo?

A2. Hindi. Ito ay isang opsyon na maaaring gamitin para suportahan ang mga pangangailangan ng mga mamimili kapag hindi maibibigay ang mga serbisyo nang tulad noong bago magkaroon ng COVID-19.

Q3. Aling mga vendor ang maaaring magkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo?

A3. Pakitingnan ang [liham](#) ng Kagawaran noong Disyembre 2, 2020 at ang [listahan ng mga service code](#) na unang tinukoy ng Kagawaran na nangangailangan ng mga buwanang rate para sa mga Alternatibong Serbisyo. Tulad ng nakasaad sa liham, ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa ilalim ng mga service code na hindi tinukoy sa liham ay maaaring magkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo kung inaprubahan ng regional center at ng Kagawaran.

Q4. Paano kung kailangan ng mamimili ng mga serbisyo mula sa isang vendor na wala sa listahan ng mga service code na naaangkop sa mga Alternatibong Serbisyo?

A4. Dapat kontakin ang regional center upang talakayin ang pangangailangan para sa mga serbisyo at kung ang isang kahilingan para sa isang indibidwal na pagbubukod ay dapat isumite sa Kagawaran.

Q5. Dapat bang piliin ng bawat vendor kung sila’y magkakaloob ng lahat tradisyonal o lahat Alternatibong Serbisyo, o maaari ba itong tukuyin batay sa indibidwal na mamimili?

A5. Ang paraan ng paghahatid ng serbisyo at uri ng mga serbisyo na ipinagkakaloob ay batay sa mga pangangailangan ng bawat mamimili. Maaaring magkaloob ang isang vendor ng mga tradisyonal na serbisyo sa isang bahagi ng mga mamimili na pinaglilingkuran at mga Alternatibong Serbisyo sa iba pang mga mamimili; gayunpaman, anumang mga Alternatibong Serbisyong ipinagkakaloob sa isang mamimili sa loob ng naturang buwan ay magrerresulta ng pagsingil gamit ang buwanang rate para sa mga Alternatibong Serbisyo.

Q6. Ano ang ilang halimbawa ng “Paggamit ng sariling gabay na pagsasanay at mga materyales sa pagtuturo na ibinibigay sa mamimili ng tagapagkaloob na nilalayong suportahan ang serbisyo sa mamimili?”

A6. Kung may kasunduan at benepisyo sa mamimili, maaaring maghanda ng mga aktibidad para sa mamimili ang tagapagkaloob ng serbisyo na sisimulan sa oras na pinakamaginhawa para sa mamimili. Maaaring buuin ng tagapagkaloob ng serbisyo ang mga materyales at ihatid sa tao sa iba’t ibang paraan. Ang ilang halimbawa ay ang mga supply kit na inihahatid sa bahay ng mamimili, isang nakasulat na workbook o lesson plan na ini-email sa mamimili, at isang pre-recorded video na makukuha online.

Q7. Maaari bang ipagkaloob ang mga serbisyo sa naibabagay na mga oras?

A7. Oo. Ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob anumang oras na mabuti para sa mamimili.

Q8. Ano ang indibidwal na plano ng serbisyo (individual service plan, ISP)?

A8. Ang ISP ay isang planong ipinagbigay-alam ng mamimili at inihanda ng tagapagkaloob na nagtutukoy at naglalarawan sa mga serbisyo na ibibigay upang suportahan ang mga pangangailangan, layunin at pakay ng tao. Maaaring iba-iba ang format depende sa tagapagkaloob at uri ng serbisyo, at maaaring tukuyin ito ng iba bilang plano ng paggamot, plano ng pangangalaga, atbp.

Q9. Kailangan ba ang pagpupulong ng pangkat mula sa iba't ibang disiplina tungkol sa indibidwal na plano ng programa (individual program plan, IPP) para simulan ang mga Alternatibong Serbisyo?

A9. Hindi, hindi ito kailangan para simulan ang mga Alternatibong Serbisyo.

Q10. Maaari bang magamit ang mga Alternatibong Serbisyo sa Suportadong Pag-eempleyo?

A10. Oo. Ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyo sa Suportadong Pag-eempleyo ay maaaring magkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo sa mga mamimili kung hindi maipagkakaloob ang mga tradisyonal na serbisyo.

Q11. Maaari bang iangkop ang mga Alternatibong Serbisyo sa mga Serbisyo sa Transportasyon at Katulong sa Transportasyon? *(ini-update)*

A11. Oo. Ang mga tagapagkaloob ng lahat ng serbisyo sa transportasyon ay maaaring magbigay ng mga Alternatibong Serbisyo sa mga mamimili kapag hindi maibibigay ang mga tradisyonal na serbisyo.

Q12. Maaari bang may kasamang tulong sa pagkuha ng bakuna laban sa COVID-19 ang mga Alternatibong Serbisyo?

A12. Oo. Maaaring kabilang sa tulong ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna, pagiging karapat-dapat sa pagbabakuna, kung saan makukuha ang bakuna at pagsasaayos ng transportasyon.

Q13. Saan ako makakahanap ng higit na impormasyon tungkol sa Self-Determination Program?

A13. Ang mga interesadong mamimili, pamilya, o iba pa ay hinihikayat na bisitahin ang [website ng Self-Determination Program](#) upang alamin ang higit pang impormasyon tungkol sa Self-Determination Program ng California. Maaari ding kontakin ng mga indibidwal ang kanilang regional center upang alamin ang petsa ng susunod na pagpupulong ng lokal na boluntaryong nagpapayong komite.

Para sa mga Pamilya at Mamimili

Q1. Anong mga uri ng serbisyo ang saklaw ng direktiba para sa mga Alternatibong Serbisyo?

A1. Ang Direktibang ito ay naaangkop sa maraming hindi pantirahang serbisyo, kabilang ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng mga pang-araw na programa, maagang pamamagitan (early intervention), transportasyon, atbp. Dahil sa mga alituntunin sa kalusugan ng estado at ng lokal na pamahalaan, ang mga tagapagkaloob na ito ay maaaring hindi makapaglaan ng parehong mga serbisyo na naibibigay nila bago magkaroon ng COVID-19. Nagbibigay ng impormasyon ang Direktiba tungkol sa kung paano magkaloob ng mga alternatibong serbisyo upang matugunan ang mga kasalukuyang pangangailangan ng mga mamimili.

Hindi naaangkop ang Direktiba kapag kayang magbigay ng tagapagkaloob ng parehong mga serbisyo, na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mamimili, sa paraan man kung paano sila ipinagkakaloob bago magkaroon ng COVID-19 o sa ibang lokasyon o sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyo nang malayuan. Halimbawa, ang isang pang-araw na programa na nagbibigay ng parehong mga serbisyo nang virtual at natutugunan ng mga virtual na serbisyong ito ang mga pangangailangan ng mamimili ay hindi nagbibigay ng mga alternatibong serbisyo. Katulad din nito, ang mga serbisyo sa indibidwal na therapy na maaaring ipagkaloob sa isang klinika na sumusunod sa mga kinakailangang protokol sa kaligtasan ay hindi mga Alternatibong Serbisyo.

Q2. Kailan maaaring magsimula ang mga Alternatibong Serbisyo?

A2. Maaaring magsimula ang mga Alternatibong Serbisyo nang kasing-aga ng Setyembre 2020. Tatanungin ng tagapagkaloob ang mamimili tungkol sa kanyang pangangailangan para sa at interes sa mga Alternatibong Serbisyo bilang isang opsyon. Kung interesado ang mamimili sa paggamit ng mga Alternatibong Serbisyo, dapat abisuhan ng tagapagkaloob ang regional center. Dapat ding makatanggap ang mamimili ng kopya ng bago or nirebisang plano ng serbisyo.

Q3. Ano ang dapat gawin ng mga tagapagkaloob kung nagbibigay sila ng mga Alternatibong Serbisyo?

A3. Dapat gawin ng tagapagkaloob ang mga sumusunod:

- Tiyakin na nakakatugon sa mga kasalukuyang pangangailangan ng mamimili ang mga Alternatibong Serbisyo.
- Kausapin ang mga mamimili at mga pamilya tungkol sa kanilang mga kinakailangang serbisyo at ang paggamit ng mga alternatibong serbisyo. Sumunod sa mga kautusan sa kalusugan ng estado at lokal na pamahalaan at mga rekisito sa paglilisensya.
- Sanayin ang kanilang mga kawani at mamimili sa ligtas na paghahatid ng mga serbisyong ibinibigay nang personal, kung ito man ay ibinibigay.
- Maging malikhain, mapamaraan, at gumawa ng mga modipikasyon sa kung paano ipinagkakaloob ang mga serbisyo

Q4. Paano inaasahang makipag-ugnay ang mga tagapagkaloob sa kanilang mga mamimili at pamilya tungkol sa kanilang mga kinakailangang serbisyo?

A4. Inaasahan ang mga tagapagkaloob na mangasiwa ng isang inklusibo at pang-indibidwal na pagpapatupad ng direktiba para sa mga Alternatibong Serbisyo.

- Dapat makipag-ugnay ang tagapagkaloob sa bawat mamimili upang alamin kung kailangan niya at interesado siya sa mga alternatibong serbisyo. Maaari mong pagpasyahan kung makakatulong sa iyo ang mga serbisyong ito at kung nais mong lumahok.
- Dapat magbigay ang tagapagkaloob ng impormasyon sa mga mamimili at pamilya upang maunawaan nila ang naaangkop at malikhaing mga opsyon para sa Alternatibong Serbisyo.
- Dapat tanungin ng tagapagkaloob ang mga mamimili at pamilya tungkol sa kanilang mga pangangailangan at ideya tungkol sa mga opsyon na pinakamuhsay para sa kanila. Kung hindi ka tinanong, dapat mong talakayin ang iyong mga kailangan at mag-alok na magbahagi ng anumang mga ideya na mayroon ka.
- Kung nagbigay ng pahintulot ang mamimili o awtorisadong kinatawan, maaaring makipagtulungan ang tagapagkaloob sa iba pang mga tagapagkaloob na mayroon ding mga awtorisasyon para sa serbisyo para sa parehong mamimili upang masuportahan sa pinakamahuusay na paraan ang mga pangangailangan ng mamimili.

Pagkatapos makipagpulong sa iyo, gagawin ng tagapagkaloob ang sumusunod:

- Idokumento ang pag-uusap sa mamimili kasama ang petsa, sino ang kasama sa pag-uusap, at ang paglalarawan ng sinabi ng mamimili at ng pamilya.
- Abisuhan ang iyong regional center na interesado ka na makatanggap ng mga Alternatibong Serbisyo.
- Kung sumasang-ayon ka na nais mo ng mga Alternatibong Serbisyo, dapat bigyan ka ng tagapagkaloob ng bago o na-update na plano ng serbisyo na may mga detalye tungkol sa uri at halaga ng mga alternatibong serbisyo na ibibigay. Maaaring kasama sa plano ng serbisyo ang mga serbisyong ibinibigay kasama ng iba pang mga tagapagkaloob ng serbisyo, kabilang ang mga tagapagkaloob ng pantirahang serbisyo.
- Ibibigay sa iyo ang bago o na-update na plano ng serbisyo.
- Dapat ding sabihin ng tagapagkaloob sa mga mamimili ang mga partikular na hakbang na maaari nilang gawin kung hindi sila sumasang-ayon sa mga Alternatibong Serbisyo na ibinibigay ng tagapagkaloob. Halimbawa, maaaring hindi sumasang-ayon ang mamimili o pamilya sa iminungkahing mga serbisyo dahil hindi sila ibinibigay sa isang kumbinyenteng oras, hindi sapat ang dalas ng pag-aalok nito, o hindi matutugunan ang iba pang mga pangangailangan.

Q5. Ano ang mga halimbawa ng mga Alternatibong Serbisyo?

A5. Kabilang sa mga Alternatibong Serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Sumusuporta sa pagpapababa ng pagkakalantad sa o epekto ng COVID-19 sa mamimili;
 - Pagkumpleto sa indibidwal na pagsusuri ng mga kakayahan, preperensiya, at pangangailangan sa serbisyo para sa isang mamimili;
 - Pagkumpleto ng isang plano ng serbisyo upang ipagkaloob ang mga kinakailangang serbisyo para sa mamimili;
 - Paghahatid ng mga suplay o iba pang mga bagay sa bahay ng mamimili na kinakailangan para ibigay ang mga serbisyo o suporta;
 - Paggamit ng sariling gabay na pagsasanay at mga materyales sa pagtuturo na sinusuplay sa mamimili ng tagapagkaloob upang suportahan ang serbisyo para sa mamimili;
 - Pagsasanay sa kakayahan ng mga indibidwal sa loob ng sambahayan ng mamimili na partikular na itinalaga para suportahan ang mamimili; Sumusuporta sa paglipat sa Self-Determination Program; at
- Iba pang mga modipikasyon sa mga hindi pantirahang serbisyo na inaprubahan ng mamimili na nagsusulong o nagbibigay ng kanyang mga kinakailangang serbisyo.

Q6. Ano ang tungkulin ng Regional Center sa mga Alternatibong Serbisyo?

- Matutulungan ka ng iyong tagapangasiwa ng serbisyo na tukuyin ang mga mapagpipiliang serbisyo o iba't ibang tagapagkaloob kung hindi natutugunan ng iyong kasalukuyang tagapagkaloob ang iyong mga pangangailangan o naibibigay ang mga kinakailangang pansuportang serbisyo. Dahil maaaring nagbago ang iyong mga kinakailangang serbisyo dahil sa COVID 19, maaari mo ring talakayin ang pangangailangan para sa iba o higit pang mga serbisyo sa iyong tagapangasiwa ng serbisyo.
- Sa loob ng 30 araw ng pag-aaral ng interes ng mamimili sa mga Alternatibong Serbisyo mula sa tagapagkaloob, aabisuhan ka ng regional center, sa iyong ninanais na wika, na kinukumpirma ang kahilingan para sa mga Alternatibong Serbisyo. Kasama sa abiso ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa tagapangasiwa ng serbisyo ng mamimili at sa kanilang supervisor. Kung may mga tanong ka, dapat kang makipag-ugnay sa iyong tagapangasiwa ng serbisyo o sa kanilang superbisor.

Q7. Anong mga hakbang ang maaari kong gawin upang tiyakin na natutugunan ng mga Alternatibong Serbisyo ang mga pangangailangan ko o ng aking kapamilya?

A7. Isipin mo ang tungkol sa iyong mga indibidwal na layunin, pangangailangan at serbisyo o ng iyong kapamilya bago ka makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo. Maaaring gusto mong gamitin ang Gabay sa Pakikilahok ng Pamilya (Family Engagement Guide) upang matulungan kang pag-isipan ang iyong mga kasalukuyang pangangailangan at ang mga uri ng serbisyo na makakatugon sa mga pangangailangang ito. Makikita mo ang gabay dito.

Kung nag-aalok ang iyong tagapagkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo, tingnan ang listahan ng posibleng mga Alternatibong Serbisyo sa ika-4 na Tanong. Aling mga serbisyo ang maaaring makatulong sa iyo at aling mga uri ng serbisyo ang maaaring hindi makatulong sa iyo? May iba pa bang mga serbisyo o opsyon na hindi nakalista na nais mong talakayin? Kailangan mo ba ng pagsasanay o mga suplay upang makuha ang anuman sa mga serbisyonang ito?

Magtanong upang nauunawaan mo ang naibabagay at malikhaing mga opsyon na inaalok. Isipin ang mga paraan kung paano maaaring pangasiwaan ang serbisyo kasama ang iba pang mga tagapagkaloob at ibahagi ang impormasyong iyon.

Tanungin ang iyong tagapangasiwa ng serbisyo tungkol sa iba pang mga paraan kung paano maipagkakaloob ang mga serbisyo. Halimbawa, sa ilalim ng Participant-Directed Services, maaari mong direktang i-hire ang isang taong napili mo, kabilang ang kapamilya upang magkaloob ng ilang mga serbisyo.

Makikita ang higit na impormasyon tungkol sa mga participant-directed service [dito](#).

Q8. Ano ang magagawa ko kung hindi nagbibigay ang tagapagkaloob ng mga serbisyo sa ilalim ng direktiba para sa mga Alternatibong Serbisyo at may tanong ako tungkol sa mga serbisyo na natatanggap ko o ng aking kapamilya?

A8. Upang tiyakin ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng mga mamimili ng regional center sa panahon ng Pandemyang COVID 19, pinahintulutan ng DDS na ibigay ang maraming serbisyo sa isang alternatibong lokasyon o sa pamamagitan ng malayuang pakikipag-usap na elektroniko, kabilang ang Skype, Facetime, video conference, o telephone conference. Ang naibabagay na pagkaloob ng mga serbisyo sa isang alternatibong lokasyon o sa pamamagitan ng malayuang paraan ay hindi dapat nakapagbago ng dalas o tagal ng anumang serbisyo ng IPP nang walang pagsang-ayon ng pangkat ng IPP ng mamimili. Kung hiniling ng mamimili o sumang-ayon siyang ibigay ang mga serbisyo sa isang alternatibong lokasyon o sa pamamagitan ng malayuang paraan, aabisuhan ng tagapagkaloob ang regional center at magpapadala ang regional center ng sulat sa mamimili sa kanilang ninanais na wika, na kinukumpirma ang pagbabagong ito. Ang impormasyon tungkol sa mga rekisitong ito ay makikita [rito](#).

Kung may mga alalahanin ka tungkol sa mga serbisyo na natatanggap mo o ng iyong kapamilya, dapat kang makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo at/o Tagapangasiwa ng Serbisyo. Halimbawa, maaaring may mga alalahanin ka tungkol sa halaga ng serbisyo, oras na ibinibigay ang serbisyo o sa palagay mo hindi na gumagana ang mga malayuang serbisyo para sa iyo o sa iyong kapamilya. Maaaring maisaayos ng tagapagkaloob ang mga serbisyo para sa iyo o sa iyong kapamilya. Maaaring matukoy ng iyong tagapangasiwa ng serbisyo ang iba pang mga tagapagkaloob ng serbisyo o mga serbisyo na mas matutugunan ang mga pangangailangan mo. Maaaring nais mo ring talakayin ang paggamit ng Participant Directed Services sa iyong Tagapangasiwa ng Serbisyo. Maaaring maging kapakinabang para sa iyo na isipin ang tungkol sa mga aspetong nakalista sa Ika-7 Tanong o sa [Gabay sa Pamilya](#) upang paghandaan ang iyong pagtatalakay sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo o tagapangasiwa ng serbisyo.

Para sa mga Vendor at Tagapagkaloob ng Serbisyo

Q1. Nasa isang State of Emergency pa rin tayo kaya bakit natapos ang mga retainer payment (billing para sa mga hindi pagpunta ng mamimili na tinatawag na consumer absence)?

A1. Ang pangangailangan ng mga mamimili para sa mga hindi pantirahang serbisyo ay nagpapatuloy sa panahon ng kautusan ng Estado ng California na manatili sa bahay. Bilang karagdagan, nilinaw ng pederal na Centers for Medicare at Medicaid Services (CMS) na ang pagpopondong pederal ay may hangganang panahon para sa mga retainer payment (singil para sa mga hindi pagpunta ng mamimili na tinatawag na consumer absence). Isinasalin ng mga Alternatibong Serbisyo ang mga serbisyon binuo bilang tugon sa COVID-19 sa mga serbisyo sa pag-unlad na karapat-dapat para sa patuloy na pag-reimburse ng pederal sa panahon ng State of Emergency.

Q2. Kailangan ko bang kumpletuhin ang mga Kalakip A, B, o C na kasama sa direktiba noong Hulyo 17, 2020?

A2. Hindi. Ipinakilala ng Direktiba noong Hulyo 17, 2020 ang istraktura na may mga kalakip A, B at C bilang mga sampol na dokumento. Mula noong Hulyo 17, 2020, na-update ang istraktura at mga dokumento. Hindi dapat gamitin ng mga tagapagkaloob ang mga sampol na dokumento. Nagpalabas ang DDS ng isang Kalakip para sa Sertipikasyon na kasama ng Direktiba noong Agosto 31, 2020 na kailangang isumite ng mga tagapagkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo bago humiling ng pag-reimburse.

Q3. Kailangan ko bang magsumite ng isang Beripikasyon para sa Plano ng Proteksyon laban sa COVID-19?

A3. Ang draft na Beripikasyon para sa Plano ng Proteksyon laban sa COVID-19 na ibinahagi ng DDS noong Hunyo ay hindi na-finalize at hindi iniaatas ng DDS. Dapat suriin ng mga tagapagkaloob ang mga rekisito para sa pagsunod sa mga patnubay sa kalusugan ng estado at/o lokal na pamahalaan, na sa ilang kaso ay maaaring mangailangan ng nakasulat na mga plano ng proteksyon para sa iba pang mga nangangasiwang ahensya.

Q4. Bukod sa paghahatid ng mga suplay sa aking mga mamimili, nagkakaloob ako ng mga parehong serbisyo tulad ng ginagawa ko bago magkaroon ng COVID-19 sa pamamagitan ng video conferencing. Ito ba ay maituturing na mga Alternatibong Serbisyo dahil dito, o patuloy ba silang sisingilin sa parehong paraan?

A4.

- Kung ang pakete o mga suplay ay gagamitin kapalit ng paghahatid ng tradisyonal na serbisyo, mga Alternatibong Serbisyo ito.
- Kung ang pakete o mga suplay ay gagamitin para suportahan ang paghahatid ng tradisyonal na serbisyo, hindi ito mga Alternatibong Serbisyo.

SERTIPIKASYON

Q5. Sino ang kinakailangang magsumite ng Sertipikasyon para sa mga Alternatibong Serbisyo (Kalakip) sa regional center?

A5. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na hindi makapagbigay ng mga serbisyo sa tradisyonal na paraan at/o sa pamamagitan ng mga malayuang opsyon at naglalayong magbigay at maningil para sa mga Alternatibong Serbisyo ay dapat magsumite ng sertipikasyon para sa bawat ipinagkaloob na serbisyo sa regional center bago humiling ng pag-reimburse. Isang beses lang kailangan ang sertipikasyon maliban kung may mga pagbabago sa mga inihatid na mga alternatibong serbisyo. Makikita ang [sertipikasyon dito](#).

Q6. Kinakailangan ba ang pag-apruba ng regional center para sa sertipikasyon?

A6. Hindi. Nagsisilbi ang sertipikasyon bilang pagpapatunay ng tagapagkaloob para sa mga rekisito sa paghahatid ng mga Alternatibong Serbisyo.

Q7. Kakailanganin ba ang pagrebisa ng disenyo ng programa o bagong pagtatalaga ng vendor o (vendorization) para makapagbigay ng mga Alternatibong Serbisyo?

A7. Hindi. Hindi kailangang rebisahin ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang disenyo ng programa o mag-apply para sa bagong pagtatalaga ng vendor (vendorization).

Q8. Responsable ba ang mga tagapagkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo para sa lahat ng uri ng Alternatibong Serbisyo na nakalista sa Kalakip?

A8. Hindi. Dapat i-tsek ng mga tagapagkaloob ang anuman/lahat ng uri na plano nilang ialok.

Q9. Responsable ba ang mga tagapagkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo para sa lahat ng uri ng Sertipikasyon na nakalista sa Kalakip?

A9. Oo. Responsable ang mga tagapagkaloob para sa lahat ng iyon.

PANININGIL (BILLING)

Q10. Maaari pa rin ba akong magbigay ng mga serbisyo at maningil para sa itinatag na rate bawat araw o bawat oras?

A10. Oo. Ang mga serbisyong ibinibigay sa orihinal na paraan ng pagbibigay nito, kabilang ang mga malayuan o sa mga alternatibong lokasyon, ay dapat na singilin sa naitatag na rate para sa bawat yunit ng serbisyo. Gayunpaman, hindi maaaring maningil ng karagdagan na buwanang rate ng yunit ang mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa mga Alternatibong Serbisyo para sa parehong mamimili.

Q11. Paano kung nagkaloob ako ng mga serbisyo sa ilang mamimili sa tradisyonal na paraan, at sa ilang mamimili sa pamamagitan ng mga Alternatibong Serbisyo?

A11. Maaaring magbigay at maningil ng serbisyo ang tagapagkaloob ng serbisyo para sa ilang mamimili sa tradisyonal na paraan, at iba pang mamimili sa pamamagitan ng mga Alternatibong Serbisyo. Ang bawat paniningil sa mamimili ay dapat para sa tradisyonal na paraan o alternatibong serbisyo sa isang partikular na buwan. Kung lahat o ilang mga serbisyo sa buwan ay ibinigay sa pamamagitan ng alternatibong paghahatid, dapat singilin ito ng tagapagkaloob ng serbisyo sa alternatibong rate ng yunit bawat buwan. Isang paalala, ang mga Alternatibong Serbisyo ay nilalayon kung hindi maaaring matugunan ng mga tradisyonal na serbisyo ang mga pangangailangan ng indibidwal, pero ito ay matutugunan ng mga alternatibong opsyon.

Q12. Anong rate ang gagamitin kung nais ng mamimili ng kumbinasyon ng tradisyonal na serbisyo at Alternatibong Serbisyo?

A12. Ang isang kumbinasyon ng mga serbisyo ay dapat singilin gamit ang buwanang rate para sa mga Alternatibong Serbisyo.

Q13. Paano inalam ang buwanang rate ng yunit at kailan ko ito matatanggap?

A13. Tingnan ang [liham](#) ng Kagawaran noong Disyembre 2, 2020 na nagpapaliwanag sa batayan ng mga kalkulasyon ng buwanang rate. Makikita [rito](#) ang isang pangkalahatang ideya sa paraan ng pagkalkula ng rate.

Taglay ng iyong regional center ang mga rate at backup na impormasyon at magbibigay sa iyo ng file na kasama ang lahat ng rate na kinalkula para sa iyong Pederal na Employer Identification Number (EIN) sa loob ng regional center na iyon. Naibigay ng mga regional center ang mga rate simula noong Disyembre 2020.

Q14. Paano tutukuyin ang mga rate para sa mga Serbisyo sa Transportasyon at kailan ko ito matatanggap? *(ini-update)*

A14. Mangyaring tingnan ang [liham](#) ng Kagawaran noong Marso 29, 2021 na nagpapaliwanag ng tungkol sa batayan para sa mga rate at pagkalkula ng buwanang pag-reimburse para sa mga serbisyo sa transportasyon. Makikita rito ang isang paglalarawan ng pamamaraan, at makikita rito ang template para sa pagkalkula ng mga rate at pag-reimburse.

Natanggap ng iyong regional center ang impormasyon noong Marso 2021 at maaari kang bigyan ng file kung saan nakasaad ang mga nakalkulang halaga at back-up na impormasyon para sa iyong mga serbisyo sa transportasyon sa loob ng regional center na iyon.

Q15. Bilang Tagapagkaloob ng mga Serbisyo sa Transportasyon ng mga Alternatibong Serbisyo, natanggap ko ang file ng rate ng vendor mula sa regional center. Saan ko makikita ang halaga ng “buwanang average na pag-reimburse sa vendor” na ilalagay sa Kalakip B? *(bago)*

A15. Tanungin ang iyong regional center kung nahihirapan kang makita ang halagang ito. Ang nirebisang mga file ng rate ng vendor ay ibinigay noong Abril 2021 upang mas madaling makita ang impormasyong kinakailangan at matutulungan ka ng iyong regional center.

Q16. Bilang isang Tagapagkaloob ng mga Serbisyo sa Transportasyon, gumamit ako ng mga parehong sasakyan para sa mga serbisyo para sa higit sa isang regional center. Para sa mga Alternatibong Serbisyo, paano ko kakalkulahin ang mga naunang gastusin sa gasolina sa pagitan ng mga ito? *(bago)*

A16. Dapat tukuyin ng tagapagkaloob ang isang makatuwirang paraan ng paglalaan ng mga gastusin sa gasolina sa bawat regional center. Maaaring kabilang sa mga paraan ang, ngunit hindi limitado sa, paglalaan batay sa bilang ng mamimiling pinaglingkuran ng bawat regional center, kabuuang bilang ng milya, biyahe, o araw ng serbisyo para sa mga mamimili sa bawat regional center, atbp. Dapat magpanatili ang tagapagkaloob ng dokumentasyon ng paraang ginamit.

Q17. Bilang isang Tagapagkaloob ng mga Serbisyo sa Transportasyon, gumagamit ako ng parehong sasakyan para sa mga serbisyo sa regional center at mga serbisyo na hindi sa regional center. Para sa mga Alternatibong Serbisyo, paano ko sisingilin ang mga gastusin sa gasolina para sa mga sasakyang ito? *(bago)*

A17. Dapat tukuyin ng tagapagkaloob ang isang makatuwirang paraan ng paghahabol ng mga gastusin sa gasolina para lang sa mga serbisyo ng regional center. Maaaring kabilang sa mga paraan ang, ngunit hindi limitado sa, paglalaan batay sa bilang ng mamimili ng regional center para sa bawat serbisyo, kabuuang bilang ng milya, biyahe, o araw para sa bawat serbisyo. Dapat magpanatili ang tagapagkaloob ng dokumentasyon ng paraang ginamit.

Q18. Paano ako makakakuha ng reimbursement para sa mga gastusin sa gasolina nang hiwalay mula sa paniningil sa mga Alternatibong Serbisyo para sa mga Serbisyo sa Transportasyon? *(bago)*

A18. Makipag-ugnay sa iyong regional center para sa impormasyon.

Q19. Maaari pa rin ba akong magkaloob at maningil para sa mga tradisyonal na Serbisyo sa Transportasyon? *(bago)*

A19. Oo, pero kung nagkakaloob ka ng mga Alternatibong Serbisyo sa sinumang mamimili sa parehong buwan, ang paraan ng paniningil para sa mga Alternatibong Serbisyo ang dapat gamitin sa lahat ng mamimili, kabilang iyong nakatanggap lang ng mga tradisyonal na serbisyo.

Q20. Paano tutukuyin ang rate para sa Group Supported Employment at kalian ko ito matatanggap? *(ini-update)*

A20. Mangyaring tingnan ang liham ng Kagawaran noong Marso 29, 2021 na nagpapaliwanag ng mga buwanang pagkalkula ng rate para sa group supported employment. Makikita rito ang isang paglalarawan ng pamamaraan.

Natanggap ng iyong regional center ang impormasyon noong Marso 2021 at maaaring bigyan ka ng file kung saan nakasaad ang kinakulang rate at back-up na impormasyon para sa mga serbisyo sa group supported employment mo sa loob ng regional center na iyon.

Q21. Bilang tagapagkaloob ng Group Supported Employment, paano ko iuulat ang mga oras ng pag-coach sa trabaho para sa isang grupo kung saan ang isa ay tumatanggap ng mga Alternatibong Serbisyo at dalawa ay tumatanggap lang ng mga tradisyonal na serbisyo? *(bago)*

A21. Pareho pa rin sa dati ang pag-uulat ng mga oras ng pag-coach sa trabaho, maliban lang sa hindi mo dapat isama ang taong tumatanggap ng mga Alternatibong Serbisyo sa pag-uulat. Isama lang ang dalawang taong tumatanggap ng mga tradisyonal na serbisyo.

Q22. Mayroon bang mga buwanang rate para sa bawat subcode?

A22. Oo. May mga buwanang rate para sa bawat kumbinasyon ng serbisyo at subcode.

Q23. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa (mga) rate? (na-update)

A23. Ang mga tanong tungkol sa pagkalkula ng iyong (mga) rate ay dapat idinirekta sa iyong vendoring regional center hanggang Enero 31, 2021, o Mayo 14, 2021 para sa group supported employment. Makikita [rito](#) ang isang iminumungkahing template para magsumite ng mga tanong.

Q24. Kailan ako makakapaningil gamit ang buwanang rate ng yunit? (na-update)

A24. Simula sa mga serbisyong ipinagkaloob noong Enero 2021. Magsisimula ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa transportasyon at group supported employment sa Abril 2021.

Q25. Paano kinakalkula ang mga rate kung wala kaming 12 buwang history para sa lahat o nagbago ang bilang ng mga taong pinaglilingkuran?

A25. Ang buwanang rate para sa lahat ng taong nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa tagapagkaloob ay ang average bawat tao, bawat buwan na halaga para sa 12 buwan na nagtatapos sa Pebrero 2020. Ang mga buwan lang kung kailan ipinagkaloob ang mga serbisyo ang isasama sa kalkulasyon.

Q26. Paano tutukuyin ang rate para sa mga mamimili na bago sa aking mga serbisyo mula noong Pebrero 2020?

A26. Nalalapat ang buwanang rate ng vendor sa lahat ng mamimiling pinaglilingkuran, kabilang ang sinumang bagong mamimili.

Q27. Paano tutukuyin ang buwanang rate ng yunit para sa mga bagong vendor na nagsimula ng mga serbisyo noong Pebrero 2020? (na-update)

A27. Mangyaring tingnan ang liham ng Kagawaran noong Marso 29, 2021 na nagpapaliwanag ng proseso para magtatag ng rate ang mga regional center para sa bagong vendor at isumite sa Kagawaran para sa pag-apruba.

Q28. Magkakaroon ba ako ng ibang rate para sa bawat mamimili, o isang rate para sa lahat? (na-update)

A28. Simula ng Enero 2021, ang bawat tagapagkaloob ng mga Alternatibong Serbisyo ay magkakaroon ng buwanang rate ng yunit na gagamitin para sa lahat ng mamimiling nakakatanggap ng mga Alternatibong Serbisyo.

Q29. Maaari bang taasan ang mga rate para sa mga Alternatibong Serbisyo dahil sa mga pagbabago sa minimum wage sa buong estado?

A29. Oo, maaaring baguhin ang mga rate kung naaangkop. Tingnan ang [liham](#) ng Kagawaran noong Disyembre 21, 2020 tungkol sa pagtaas ng minimum wage.

Q30. Karapat-dapat ba ako para sa sertipikasyon at paniningil para sa mga Alternatibong Serbisyo kung hindi ako naningil para sa mga consumer absence (mga retainer payment)?

A30. Oo. Karapat-dapat ang lahat ng tagapagkaloob ng mga hindi pantirahang serbisyo na magbigay ng mga Alternatibong Serbisyo, hindi alintana ang paniningil noong nakaraan para sa mga consumer absence (retainer payment).

Q31. Kung hindi tumutugon ang isang mamimili sa mga pagsubok na makontak siya, maaari ba akong maningil para sa mga serbisyo batay sa naunang average na buwanang attendance?

A31. Hindi. Simula Setyembre 1, 2020, makakapaningil lang ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng buwanang rate ng yunit para sa mga mamimili na pinagkalooban ng mga Alternatibong Serbisyo kada buwan.

Q32. Ang Direktibang nagsasaad na magtatapos ang mga retainer payment sa Agosto 31, 2020 ay pinalawig hanggang Oktubre 14, 2020. Ito na ba ngayon ang bagong petsa ng pagtatapos para sa mga retainer payment?

A32. Hindi. Ang Direktibang pinalawig hanggang Oktubre 14, 2020 ay binago upang tumalima sa Direktiba noong Hulyo 17, 2020 na nagsasaad na ang mga retainer payment ay magtatapos sa Agosto 31, 2020. Hindi nito binabago ang petsa ng pagtatapos ng retainer payment na Agosto 31, 2020.

Q33. Makakapaningil ba ako para sa mga serbisyo sa mga mamimili na hindi dating pinaglilingukuran ng aking programa?

A33. Maaaring maningil ang mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa mga serbisyo sa mga mamimili na mayroon kang naaprubahang pahintulot sa pagbili (approved purchase authorization).

PAG-UULAT

Q34. Paano isusumite ang buwanang pag-uulat?

A34. Simula Setyembre 2020, ang mga buwanang pag-uulat ng mga tagapagkaloob ay isusumite gamit ang SurveyMonkey. Ang mga link sa mga pag-uulat at sampol ay matatagpuan [dito](#). Paparating ang higit na patnubay para sa mga pag-uulat sa hinaharap.

Q35. Para sa mga buwanang pag-uulat, kung ang programa ko ay may kasangkot na maraming pagtatalaga ng vendor (multiple vendorization), kailangan ko bang magsumite ng pag-uulat para sa bawat isa?

A35. Oo. Dapat isumite ang isang pag-uulat para sa bawat vendorization (kumbinasyon ng numero ng vendor at service code).

Q36. Para sa mga buwanang pag-uulat sa SurveyMonkey, kung naglilingkod ako sa mga mamimili mula sa maraming regional center, kailangan ko bang magsumite ng pag-uulat para sa bawat regional center?

A36. Hindi. Ang lahat ng mamimili na pinaglilingkuran ng vendorization ay maaaring isama sa parehong pag-uulat.

Q37. Kung nagsimula ako ng pag-uulat sa SurveyMonkey, maaari ko bang balikan ito pagkatapos para tanggalin o rebisahin ito?

A37. Kung kailangang matanggal o marebisa ang isang pag-uulat, magpadala ng email sa Kagawaran sa DDSC19Directives@dds.ca.gov upang tanggalin ang naunang pagsusumite ng survey. Dapat kabilang sa iyong kahilingan ang pangalan ng iyong programa, numero ng vendor, at service code, at sabihin kung aling buwan ng pag-uulat ang kailangang tanggalin.

Q38. Para sa mga buwanang pag-uulat sa SurveyMonkey, paano ko malalaman kung tinanggap ang nakumpleto kong pag-uulat?

A38. Sa sandaling kinlick mo ang “Tapos na” sa huling pahina ng pag-uulat, natanggap na ito. Walang ipapadala sa iyong kumpirmasyon pagkatapos maisumite ang survey. Kung kailangan ang kumpirmasyon, paki-email ang Kagawaran sa DDSC19Directives@dds.ca.gov na may pangalan ng iyong programa, numero ng vendor, at service code.

Q39. Kailangan ko bang i-ulat ang bilang ng mga oras na pinaglilingkuran ang mga mamimili sa bawat araw?

A39. Hindi. Hindi kailangang i-ulat ang bilang ng mga oras ng paglilingkod bawat araw. Sumangguni sa Direktiba para sa kinakailangang pag-uulat, na kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga uri ng serbisyo na ipinagkakaloob at bilang ng mga araw na nakatanggap ang bawat mamimili ng mga Alternatibong Serbisyo.

Q40. Kung nagkakaloob ako ng mga serbisyo sa karaniwang paraan, maliban sa malayuang paraan, kailangan pa rin ba naming subaybayan ang mga serbisyon ibinibigay at isumite ang buwanang pag-uulat?

A40. Hindi. Hindi kinakailangan ang buwanang pag-uulat para sa mga vendor na hindi nagkakaloob ng mga Alternatibong Serbisyo.

Q41. Sinabihan ako dati na ang buwanang pag-uulat ay gagawin sa eBilling simula Enero 2021. Kailangan ko bang gawin din ito pati na ang pag-uulat sa SurveyMonkey?

A41. Hindi. Para sa Enero 2021, kailangan lang mag-ulat ng mga tagapagkaloob gamit ang SurveyMonkey. Bagaman nagdagdag ang eBilling system ng mga feature para sa pag-uulat, kailangan lang magmarka ng attendance ang mga tagapagkaloob (sa pamamagitan ng paglalagay ng mga tsek) para sa mga araw na ipinagkaloob ang mga serbisyo sa mga invoice na gamit ang buwanang rate.

